


# Si Bajo Handa na sa Baha

'For Reading Purposes Only'

Sinulat ni:

**FERDINAND B. GARCIA**

Guhit ni:

**EMMANUEL LOUIS G. FRIAS**

**Si Bajo Handa Na sa Baha** Maikling Kuwento sa Science Para sa Pangatlong Baitang

**Kasanayan sa Pagkatoto**

**S3ES – IV-g-h-5** Enumerate and practice safety and precautionary measure in dealing with different types of weather



"For ReadEx Purposes Only"

Writer: FERDINAND B. GARCIA
Illustrator: EMMANUEL LOUIS G. FRIAS

Learning Resource Manager:
Dr. Heidee F. Ferrer

Quezon City
NCR

# Si Bajo Handa Na sa Baha

"For ReadEx Purposes Only"

“ Hawak sa lubid! Kapit! ”sigaw ni Bajo sa mga kasama.

Takot na takot na ang lahat, maging si Bajo, dahil kapag may isang bumitaw ay mapapahamak sila. Tagaktak na rin sa pawis ang katawan ng bawat isa.

“Hindi ko kaya,” tugon ni Poy. “Kapit!” sigaw ni Lindo . “Tiwala sa sarili at sa kasama, kaya dapat huwag matakot**.** Kung nagkakaisa anumang pagsubok ay ating makakaya,” tugon ni Bajo.

“Tama! Isa…dalawa… tatlo… hila!” bigkas ng tatlo.

Hindi nila namalayang nakabitaw na sa lubid ang bawat isa.

“For Read Purposes Only”




“Aray!” sigaw ni Poy. “Aray ko!”sigaw ni Lindo.
“Aray ko!” sigaw din ni Bajo sa mga kalaro.

Hindi rin nila namamalayan, biglang tumulo ang kanilang luha.
“Binuhos ang lahat ngunit hindi pa rin sapat,” wika ni Bajo.

Napagtanto ng tatlo, ito pala ay isang laro.
“Ha ha ha!” Nagtawanan sina Bajo, Poy, at Lindo. Tapos na silang maglaro ng hilaang-lubid sa likod bahay, kasama ang ilang mga bata sa kanilang lugar.

“For Reading Purposes Only”



Taga-daang USAFFE, Brgy. Holy Spirit ang magkakaibigan.

Makikita ang kanilang tahanan sa daanan ng tubig o creek. Sila ay nag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Holy Spirit. Ang tatlo'y magkakapitbahay at malalapit sa bawa't isa. Sila ay nasa ikatlong baitang at magkakalaro.

Walang araw na hindi magkakasama ang tatlong magkakaibigan.

Sila'y nagkakasama at nagtutulungan sa mga gawaing pampaaralan, katulad ng takdang-aralin at proyekto sa iba't ibang asignatura.

"For Read-EZ Purposes Only"



Si Bajo ay mabait, masunurin, at masayahing bata.
Siya ay dinapuan ng karamdaman noong sanggol pa lamang.

Poliomyelitis ang tawag, naapektuhan ang mga ugat nito.
Ang kaniyang kaliwang paa ang labis na naapektuhan.
Dahil dito, kung maglakad siya ay may dalawang saklay.

Sa kabila ng kakulangang pisikal, hindi ito naging hadlang.
Naging inspirasyon niya ito para mapagtagumpayan ang mga pagsubok sa araw-araw.
Isang bata na aktibo, lider, at maaasahang kaibigan iyan si Bajo.

"For ReadEx Purposes Only"



Habang hinihintay and susunod nilang guro sa asignaturang agham. Ang klase ay maingay, may sumisigaw, nakatayo sa kanilang upuan.

“Tama ba ang ginagawa ninyo sa loob ng silid-aralan?” pagsita ni Bajo.

“Hindi tama ang ginagawa nila!” tugon ni Poy at Lindo.

“Dapat tayo’y umayos at hindi maingay habang wala ang guro.Disiplina at gumawa ng naayon sa mga alituntunin ng silid-aralan.Magbasa o magsulat, ihanda ang sarili sa susunod na leksyon,” dagdag ni Bajo.

“Parating ng si Ginoong Bautista,” sigaw ng isang kamagaral.

“For ReadEx Purposes Only”



"For Reading Purposes Only"

Mabilis na nagsi-upuan at biglang tumahimik ang mga mag –aaral.

“Magandang umaga, G. Bautista,” bati ng mga mag-aaral.

“Magandang umaga, mga mag-aaral,“ tugon ng guro.

“Ating talakayin ang mga dapat isaalang-alan kapag may baha sanhi ng malakas na pag-ulan o bagyo,” wika ng guro.

Tinalakay nila ang mga dapat gawin bago, habang, at pagkatapos bumaha.

Naging aktibo sa pagsagot sa mga katanungan si Bajo. Napabilib ang mga kamag-aral at ang guro niya sa agham.

“For ReadEx Purposes Only”



"For ReadEx Purposes Only"

Malakas na ulan – ito ang sumalubong sa uwian ng mga mag-aaral.

“Nakita mo si Lindo?”tanong ni Bajo.“Hindi,”sagot ni Poy.

“Himala, hindi siya kasabay sa pag-uwi!” sabi ni Poy.

“Baka naman nauna na siyang umuwi” tugon ni Bajo.

Hindi nagpaalam sa dalawa ang kanilang kaibigan. Mga kabaranggay, mag-aaral mataas ang lebel ng tubig sa creek, sa daang Usaffe umaapaw na po ito.

Pinapayuhan ang lahat sa daang AFP na po dumaan.

Sa mga susunod na oras ay maging handa at alerto.”

Anunsiyo mula sa BDCC (Barangay Disaster Coordinating Council) ng Barangay Holy Spirit.

“For ReadEx Purposes Only”




BDCC

“Narinig mo ang anunsiyo ng BDCC?” wika ni Poy.

“Oo, sa kabilang kalsada dapat dumaan,” sagot ni Bajo.

“Ang galing mo kanina sa talakayan, bilib kami sa iyo.
“Paano mo nalaman ang mga dapat gawin pag baha?” tanong ni Poy.

“Napanood at nalaman ko sa programang Knowledge Channel.

Napanood ko rin sa Youtube gamit ang computer o cellphone.

Pinapanood ko ang mga palabas na nagbibigay kaalaman.
Kung ang computer o cellphone ay gagamitin nang tama, impormasyon sa mga asignatura ay ating matututunan,” sambit ni Bajo.

“For Read-Purposes Only”



Naglakad at pinag-usapan ng dalawa ang napag-aralan. "Ano-ano ang dapat gawin bago bumaha?"tanong ni Poy.

"Ang dapat gawin ay ang mga sumusunod!"sabi ni Bajo."Una, alamin ang warning system at signal sa PAGASA at BDCC. Pangalawa, ihanda ang pangunahing gamit sa paglikas: pagkain, inuming tubig, gamot, posporo, kandila, flashlight, at radyong de-baterya. Pangatlo, ilagay sa plastic ang mahahalagang mga papeles.Pang-apat, alamin ang pinakamalapit na evacuation center sa lugar.Panlima, maghintay ng warning signal para sa paglikas. At panghuli, patayin ang kuryente at isara ang bahay," tugon ni Bajo.

"For Reading Purposes Only"



"Ang galing! Ang dami ng dapat alamin bago bumaha," sabi ni Poy.

"Ano naman ang dapat gawin habang may baha," tanong muli ni Poy.

"Dapat gawin ang mga sumusunod," tugon ni Bajo.
"Una, umiwas sa mga lugar na may baha.
Pangalawa, hindi dapat maglaro ang mga bata sa baha.
upang maiwasan ang mga sakit tulad ng leptospirosis.
Pangatlo, dapat lutong-luto ang pagkain bago kainin.
At pang huli, dapat pakuluang mabuti ang tubig," wika ni Bajo.

"For ReadEx Purposes Only"


"For ReadEx Purposes Only"

“Bilib ako sa iyo,” sabi ni Poy sabay tapik sa kaibigan. Ano ang dapat gawin pagkatapos ng baha?” tanong muli ni Poy.

“Pagkatapos ng baha, ang dapat gawin ay ang mga sumusunod:

“Una, gumamit ng flashlight, bago pasukin ang bahay.

Pangalawa, alerto sa bagay na pagsisimulan ng sunog.

Pangatlo, tiyaking hindi narumihan ng tubig-baha ang pagkain at inumin.

Pang-apat, iulat sa kinauukulan ang nasirang pasilidad gaya ng poste, kawad ng kuryente, at tubo ng tubig.

“Panghuli, siguraduhing nasiyasat ang nabasang switch,” wika ni Bajo.

“Maging handa at alerto” sigaw ni Poy sabay saludo sa kaibigan.

For ReadEx Purposes Only”



Pagkaliwa sa kabilang kalye nakarinig ang dalawa ng sigaw.

“Galing ang boses sa daang USAFFE, kung saan naroon ang creek.”

Pinuntahan kaagad ng magkaibigan ang humihingi ng tulong. Natanaw nila sa di kalayuan na mataas na ang baha. Sa gilid, isang mag-aaral ang nakakapit sa poste ng street sign.

“Saklolo! Tulong! Tulong!” nagmamakaawang sigaw ni Bajo.

“Lindo ikaw ba yan?” Tanong ni Bajo.

“Oo,tulungan ninyo ako”, tugon ni Lindo kay Bajo. “Poy, humingi ka ng tulong, dali! pasigaw na utos ni Bajo.

“Lindo, kumapit ka! kahit anong mangyari, kapit!” sabi ni Bajo.

"For DepEd Purposes Only"



"For ReadEx Purposes Only"

“Sabi kanina sa asignaturang Agham, maging kalmado. Hindi dapat mag-panic para makapag-isip nang maayos.” sambit ni Bajo sa sarili.

Siya ay luminga-linga.Di nagtagal may nakita itong lubid.Sa di kalayuan, may palutang-lutang na inanod na gulong, Kinuha niya ito at itinali nang mahigpit ang lubid sa gulong.

“Lindo, saluhin at kapitan mo!” sigaw ni Bajo.

Inihagis niya ang gulong patungo sa kinatatayuan ni Lindo.

“Kapit lang! huwag kang bumitaw!” sigaw ni Bajo.

Hinila ni Bajo ang lubid patungo sa kanya.

Makapigil -hininga ang pangyayari sa oras na iyon.

“For Reading Purposes Only”



Purposes Only”

Matinding iyak at luha ang bumuhos sa mga mata ni Lindo.

“Bajo salamat sa pagligtas mo sa akin,” sabay yakap sa kaibigan.

“Sa kabila ng lahat, ako ay iyong tinulungan.” Dumating si Poy kasama ang mga taga-BDCC.

Nilapatan ng paunang lunas si Lindo sa mga sugat nito. Nag-akbayan ang tatlong magkaibigang sina Poy, Lindo, at Bajo. Dito pinatunayang sa oras ng pangangailangan, ang totoong kaibigan ay maaasahan. Hindi hadlang kung may kapansanan gaya ni Bajo. Kusang-loob siyang tumulong kahit siya ay nahihirapan din. Naging determinado siya at isinagawa ang mga natutunan sa paaralan.

“For Reading Purposes Only”



## Tungkol sa may akda

Ang manunulat ay si **G. Ferdinand B. Garcia** ay isang guro sa Paaralang Elementarya ng Holy Spirit, Lungsod Quezon. Ito ay unang libro na sinulat para sa kanyang anak (Aynnah), at upang maipamulat at maihanda ang mga kabataan kung anosa mga mag-ano ang -aaral mga dapat gawin sa mga kalamidad gaya ng baha.





## Tungkol sa may guhit

Ang gumuhit ng kuwentong ito ay **G. Emmanuel Louis G. Frias** isang guro sa Paaralang Elementarya ng Holy Spirit, Lungsod Quezon.

Isang guro na mahilig sa sining, ginagamit ang kanyang obra (paintings, illustrations at cartooning) humikayat sa mga kabataan na maniwala sa angking talino na dapat ito ay pagyamanin at pagyabungin.

"For ReadEx Purposes Only"



"For Reading Purposes Only"

Si Bajo ay may kakulangang pisikal, hindi ito naging hadlang. Kusang-loob na tumulong kahit siya din ay nahihirapan.

Sa gitna ng kalamidad gaya ng baha nasusubukan ang katatagan. Kung a no-ano ang mga dapat gawin bago, habang, at pagkatapos ng baha?

**Ikaw, nakaranas ka na ba ng kalamidad gaya ng baha?**